# VOICE OF THE VISION

In our walk with the Lord, our lives must be holy and pleasing to Him, focusing on what God expects from us as we remain faithful to His calling.





Rev. Dr. James C. Sy
*UCF Administrative Pastor*

# Open your Heart

**2 Corinthians 6:11-18 (NKJV)**

[11]O Corinthians! We have spoken openly to you, our heart is wide open. [12]You are not restricted by us, but you are restricted by your own affections. [13]Now in return for the same (I speak as to children), you also be open. [14]Do not be unequally yoked together with unbelievers. For what fellowship has righteousness with lawlessness? And what communion has light with darkness? [15]And what accord has Christ with Belial? Or what part has a believer with an unbeliever? [16]And what agreement has the temple of God with idols? For you are the temple of the living God. As God has said: "I will dwell in them And walk among them. I will be their God, And they shall be My people." [17]Therefore "Come out from among them And be separate, says the Lord. Do not touch what is unclean, And I will receive you." [18]"I will be a Father to you, And you shall be My sons and daughters, Says the Lord Almighty."

**Introduction**

An open heart is essential for separation and consecration. A person would not separate himself from the world and consecrate his life to God unless he has an open heart and mind.

A. Do not be unequally yoked with unbelievers—you are different.

- In fellowship: righteousness, not lawlessness

How can a believer (righteous) who focuses his life upon the righteousness of Christ share and participate with unbelievers who care little about Jesus Christ and His call to righteousness?

- In communion: are light, not darkness

The nature of believers and unbelievers differs as radically as light differs from darkness.

- In attachment: are Christ's, not Satan's

If a person does not follow Christ, then the Scripture says he is following Satan.

- In faith: are a believer, not an unbeliever

The very meaning, purpose, and significance of life differ between the believer and unbeliever. The believer seeks Christ and the things of Christ, whereas the unbeliever focuses his life primarily upon this world and self.

- In worship: are God's temple, not the temple of some idols

An idol can be anything to which a man gives his primary allegiance—his time, energy, money, etc. The believer is not an idolater, but in fact, is the temple of God. His body is where God's presence dwells.

B. Come out from among unbelievers and be separate.

- Come out from among unbelievers and be separate mean that believers are different from unbelievers in every way. Believers are not to take part in the sins of the world.

-To separate is a command of God.

**Conclusion**

**2 Corinthians 6:18**

And I will receive you. I will be a Father to you, And you shall be My sons and daughters.

If we separate ourselves and consecrate our lives to God, God will become our Father and adopt us as sons and daughters of His.




COVENANT WORKERS' RETREAT

# Pagtugon sa tawag ng Diyos

Ang pagbibigay ng buhay bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay isang seryosong desisyon para sa Kaniyang mga anak. At dahil sa pag-ibig, pangako at katapatan ng Panginoon, buong pusong tinatayuan ito ng mga *covenant worker* ng panambahan ng UCF.

Sama-samang nagtungo sa UCF Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* ang 72 na manggagawa upang makiisa sa taunang *Covenant Workers' Retreat* na tumagal nang tatlong araw noong Oktubre 30 hanggang Nobyembre 1, Linggo hanggang Martes. Ang bawat araw at gabi ay puno ng papuri at pagsamba sa Panginoon. Naging malaman ang bawat pagsasama kung saan nagbahagi si Rev. Dr. William Sy ng mga paalala, karanasan at kaalaman patungkol sa paglilingkod sa Panginoon, tawag ng Diyos at pagtugon sa *covenant* o tipan sa Panginoon. Binigyang-diin din ang bawat responsibilidad at tungkulin ng isang manggagawa bilang indibidwal at kabahagi ng katawan ni Kristo.

Sa pagpapatuloy ng *mission* at ***vision*** na ibinigay ng Diyos sa Kaniyang lingkod na si Rev. Dr. Sy, pagtugon sa tawag ng paglilingkod ang naging hakbangin ng mga manggagawa. Sa mga susunod na panahon, ang mga manggagawang ito rin ay buong puso at buong lakas na haharap sa bawat pagsubok upang matupad ang pangakong paglilingkod kay Hesus.

## Covenant Signing

Ang bawat isang nagdesisyong ibigay ang kanilang buhay upang sumunod at paglingkuran ang Diyos ay pumirma bilang mga *covenant worker* ng panambahan. Ito ay nagsisilbing *covenant of salt* sa pagitan ng Diyos at Kaniyang manggagawa sa habambuhay kung ang bawat isa ay mananatili sa Panginoon. Binigyang diin ni Rev. Dr. Sy ang kahalagahan ng tipan sa Panginoon.









*Sa pananalangin idineklara ng mga manggagawa ang kanilang covenant sa Diyos bilang tipan ng tapat na pagsunod.*

> Ang pagkakaroon ng servant's heart ay pagkakaroon ng pusong katulad ng kay Hesus.
>
> **- Rev. Dr. William Sy**



*Kaakibat ng pagpirma rito ay ang pangako ng bawat covenant worker na gagampanan ang mga nakaatang na responsibilidad sa kanila para sa kaluwalhatian ng Diyos.*

**GENESIS 17:7 (NKJV)**

**And I will establish My covenant between Me and you and your descendants after you in their generations, for an everlasting covenant, to be God to you and your descendants after you.**

# Papuri at pagsamba

Malalim at tunay na pagbibigay ng papuri at pagsamba ang handog ng bawat isa upang hipuin ang puso ng Diyos. Napuno ng kagalakan at pasasalamat ang tatlong araw dahil sa mga awitin at pagsayaw na handog sa dakilang Diyos. Naging *fellowship* din ang bawat pag-awit kung saan nag-alay ng iba't ibang kanta ang mga manggagawa mula sa *Music Ministry* at iba't ibang departamento na pinangunahan ni Rev. Dr. Sy.







*Buong pusong nag-alay ng papuri at pasasalamat ang bawat isa para sa Panginoon.*

> "A covenant is a covenant of salt. What does it mean? It is an everlasting covenant.
>
> **Rev. Dr. William Sy**







*Ang pagpupuri sa espiritu at sa katotohanan ay ang pagpupuring kalugod-lugod sa harapan ng Diyos.*

# Pag-aaral ng Salita ng Diyos



*Ang kanilang mga natutunan sa pag-aaral na ito ay magiging kagamit-gamit sa kanilang paglilingkod.*







*Naisin ng bawat isa na hindi lamang maitanim ang mga aral na ito sa kanilang mga isipan, kung hindi maging sa kanilang mga puso.*

> "Kailangan malinaw ang nilalakaran natin. Huwag na tayong tumahak sa daan ng kasalanan.
>
> **Rev. Dr. William Sy**

Ang tatlong araw ay puno ng mga makabuluhang pagbabahagi na mas nagpalawak ng pag-unawa ng lahat patungkol sa tawag ng Diyos sa kanila. Sa pangunguna ni Rev. Dr. Sy, kaniyang ibinahagi ang mga aral at paalala upang maintindihan ng bawat isa ang tawag ng Diyos sa kanila, ang plano at layunin ng Diyos sa kanilang buhay at ang pamumuhay nang naaayon sa tawag Niya. Maliban dito ay binigyang-linaw ni Rev. Dr. Sy ang tungkulin at tawag ng mga *covenant worker* sa kani-kanilang mga ministeryong tinatayuan. Ang lahat ay nalinawan at nakatanggap ng bagong mensahe kung paano pa lalong magagamit ang kanilang buhay para sa mga gawain ng Kaniyang ministeryo.

**JEREMIAH 32:40 (NKJV)**

**And I will make an everlasting covenant with them, that I will not turn away from doing them good; but I will put My fear in their hearts so that they will not depart from Me.**

## Fellowship

Bilang mga tagasunod ng Panginoon, tayo ay bahagi ng iisang katawan. Mayroon mang pagkakaiba sa edad, kasarian at lahi, ngunit tayong lahat ay tinawag sa iisang layunin—ang maglingkod. Ang gawaing ito ay oportunidad upang makapagpuri, makapag-aral at makapagsama-sama ang bawat manggagawa.





*Masisilayan sa mukha ng bawat isa ang galak at kasiglahan na makasama ang bawat manggagawa.*

> Tinawag ka ng Diyos because at the beginning, you are sent to a church where Jesus Christ is the true Lord and Savior.
>
> **Rev. Dr. William Sy**











*Ang pagsasama-sama ay mas nagpapatatag sa relasyon ng lahat bilang isang pamilya sa Panginooon.*



*Ang bawat departamento rin ay nagkaroon ng pag-uusap patungkol sa kanilang mga komite.*

## One-Year Calendar

Sa pangalawang araw ng *Covenant Workers' Retreat* ay isinagawa ang pagpaplano ng taunang mga gawain at programa ng panambahan para sa Disyembre 2022 at kabuuan ng 2023.









> There are times when we are tested to see if our hearts are in the Lord.
>
> **Rev. Dr. William Sy**









*Sa darating na panahon, naisin nating maging kabahagi ng mga gawaing ihahanda na magiging daan upang magamit ang ating mga talento at abilidad upang maabot ang mga nawawalang kaluluwa.*

**EPHESIANS 4:4-6 (NKJV)**

**4 There is one body and one Spirit, just as you were called in one hope of your calling; 5 one Lord, one faith, one baptism; 6 one God and Father of all, who is above all, and through all, and in you all.**

# Mga Patotoo

Ang Diyos ang unang tumawag sa atin. Siya rin ang unang nagmahal sa atin. At bilang mga nasumpungan ng Diyos, patuloy nating itataas ang Kaniyang Ngalan sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay na Kaniyang ibinigay sa atin. Bilang mga tinawag ng Diyos na Kaniyang manggagawa, iba't ibang aral ang naitanim sa puso ng bawat isa sa ginanap na *Covenant Workers' Retreat*. Kaya naman ilan sa kanila ay nagbigay ng patotoo kung ano ang kanilang natutunan sa gawaing ito at kung paano nila ito maisasabuhay sa kanilang paglilingkod sa Panginoon.

*Ang natutunan ko ngayong Covenant Workers' Retreat ay dahil tinawag tayo ng Panginoon, binibigyan Niya tayo ng faith for us to begin. Sa pagpapatuloy natin, mas lumalago ang faith na iyon. At sabi rin sa Bible, ang paglago natin ay nasa Panginoon. Sinoman ang nagtanim o ang nagdilig, ang Diyos pa rin ang nagpapatubo.*



**SIS. BEATRICE VARGAS**

*Ang natutunan ko ay ang Panginoon ay humahanap at tumatawag ng faithful na katiwala. Kung pagkakatiwalaan ka ng Panginoon ay bibigyan ka Niya ng pagpapala upang higit na makakilos sa ministeryong Kaniyang ipinapagawa sa iyo.*



**SIS. MA. LOUZELLE JESALVA**

*Natutunan ko kung ano ang full responsibility as a worker, kung paano sundin ang vision at mission na ibinigay ng Panginoon sa panambahan at kung paano ko malalaman kung effective akong worker. Tulad ng sabi ni Ptr. William, malalaman mo lang na effective kang worker kapag nagso-soul win ka.*



**BRO. JESS MARK MARCELINO**

*Natutunan ko ang maging faithful at obedient sa ipinapagawa ng Lord kay Ptr. Willam at sa kung saang ministry ako nakalagay ngayon. Naniniwala ako na ang tawag ng Panginoon ay totoo at tayo bilang tinawag Niya ay tatayo roon sa vision ng Panginoon na ibinigay kay Ptr. William.*



**SIS. RUTH CARANGUIAN**

*Ang natutunan ko ay ang pagkakaisa at pagmamahalan bilang magkakapatid sa Panginoon at ang pag-unawa sa bawat kapatiran sa Panginoon.*



**SIS. IMEE GOROBAT**

*Ang tumatak sa akin ay ang pagiging matatag sa paglilingkod sa Panginoon at ang paglilingkod ay pagbibigay ng buhay sa Diyos. Natutunan ko rin na mag-submit sa mga leader para lalo akong ma-guide sa pagsunod sa Panginoon.*



**SIS. GLYNIS HERMOSA**

*Ang greatest learning ko ay hindi dapat mag-entertain ng mga negative thought dahil iyon ang magiging hindrance sa pagganap ko bilang covenant worker. Hindi ko rin dapat limitahan ang aking sarili kasi kung ako mismo ang magbibigay ng limit sa sarili ko, hindi ako maggo-grow at magiging spiritually mature as a covenant worker.*



**BRO. JOEMARIE ROSQUILLO**

*Ang natutunan ko ay dapat malinaw ang maging tawag ng Diyos sa atin at ang pagiging responsableng lider kasi darating ang panahon sabi ni Ptr. William na tayo naman ang nasa posisyon niya kaya dapat maging maayos din tayo hanggang sa susunod pang mga panahon.*



**BRO. JEZREEL MURILLO**

*Na-remind ako na ang covenant ay hindi temporary. Lifetime commitment ko ito sa Panginoon. At sa covenant, kasama roon ang pagbibigay ko ng buhay.*



**SIS. TRISHA MAE DIMARANAN**

**EZEKIEL 16:60 (NKJV)**

**"Nevertheless I will remember My covenant with you in the days of your youth, and I will establish an everlasting covenant with you."**

*Ang greatest learning na nakuha ko ngayong covenant workers' retreat ay dapat alam mo ang calling mo. At dahil nalaman mo ang calling mo, doon mo rin malalaman kung ano ang role mo kasi bilang manggagawa ng simbahan at ng Lord, kung hindi mo alam ang calling mo, paano ka kikilos? Paano ka magiging effective sa ministry na pinapagawa ng Panginoon?*



**SIS. JASMIN JIMENEZ**

*Natutunan ko na ang pagsunod at paglilingkod sa Panginoon ay araw-araw na desisyon. Ang paglilingkod ay pagbigay at pagsuko ng buhay para makasunod ako sa tawag sa akin ng Panginoon.*



**SIS. ELYNA KARENE DOLOTINA**

*Ang natutunan ko ay patungkol sa pagdedesisyon at motivation sa paglilingkod. Mas tumibay pa ang desisyon kong sumunod sa tawag ng Panginoon para maging parte sa pag-abot ng vision at mission ng ministeryo ng UCF. Lalo rin akong na-motivate na patuloy na magpagamit sa Panginoon.*



**BRO. JEDIDIAH DILLO**

*My greatest learning po sa covenant worker's retreat ay ang pagpapagamit ko ng buhay ko sa Lord nang mas malalim kasabay nito ang pagpapalalim ko sa relationship ko kay Lord.*



**BRO. NOE AMANCIO**

*Ang greatest learning ko this covenant workers' retreat ay hindi ako puwedeng gamitin ng Lord dahil gusto ko lang or dahil may benefit ako sa Kaniya pero Siya ang gagamit sa akin.*



**SIS. CHERRY HANN TANJUSAY**

*The greatest learning for me from the covenant workers' retreat is the change of mindset as a worker of this church—to aspire to be a leader even with the responsibilities and accountabilities. I am now assured with my calling in the Lord.*



**BRO. ADRIAN KLEIN LAUREL**

*Ang pinakatumatak sa aking lesson ay about obedience and willingness. Kadalasan, isa sa humahadlang sa ating paglilingkod ay ang takot natin na hindi tayo able pero sinabi nga sa Bible na tinawag ng Lord ang mga mahihina kasi doon natin makikita ang pagkilos ng Lord as long as willing tayo and we obey Him at kung ano ang mga pinapagawa Niya. As long as willing ang heart natin to obey, ang Lord ang mag-e-enable sa atin.*



**SIS. SAMANTHA INIEGO**

*Isa sa tumatak sa puso't isipan ko ay ang maging tapat ako sa maliit na bagay na ipinagkatiwala ng Diyos. Dapat maging faithful ako dahil iyon ang ninanais ng Diyos upang hindi ko ma-miss out ang magagandang gagawin ng Diyos sa buhay ko. Alam ko na ang kaaway ay laging nag-aabang upang nakawan ako kaya kailangan kong magbantay. At natutunan ko ang pamamaraan upang talunin ang kalaban dahil binigyan tayo ng authority ng Diyos to trample down the works of the enemy. Kaya lubos akong nagpapasalamat sa Panginoon dahil nakasama ako sa covenant workers' retreat.*



**BRO. ARIES JOSHUA ANI. JR.**

*Tumatak sa akin ang salitang complacency. Bilang isang worker, kailangang ma-eliminate ito. Una, ang isang worker ay dapat nagre-rely sa kung ano ang plano ng Lord sa kaniya. Maliban dito, hindi lang short-term ang tinitingnan ko pagdating sa ministry. Dapat mayroon ding long-term goal na iko-consult ko sa Lord. At isa pa, sa paggawa ko ng plano, dapat kasama ang Lord para mabigyan ako ng wisdom upang mas maging effective worker. Natutunan ko rin na ang pagiging worker ay hindi by title, kung hindi ay kailangan magkaroon ng productivity at ma-prove ko sa Lord na worthy ako doon sa calling.*



**BRO. SONNY DWAYNE EMERALD COSTALES**

*Isa sa mga tumatak sa akin ay ang kahalagahan ng covenant ng Panginoon sa Kaniyang manggagawa. Mas natutunan ko ang totoong meaning ng covenant sa atin ng Lord. Mayroon palang ipinangako sa atin ang Lord at mayroon din tayong ipinangako sa Panginoon. At dahil doon sa covenant na iyon ay magiging effective tayo sa ating ministry.*



**BRO. CHRIST ALEXANDER REYES**

**PSALM 105:7-8 (NKJV)**

**7He is the Lord our God; His judgments are in all the earth. 8He remembers His covenant forever, The word which He commanded, for a thousand generations,**

# Pagpapapagamit sa Kaniyang plano

Ang UCF Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* ay ang ministeryong binuksan ng Diyos upang magamit para sa Kaniyang layuning mga gawain. Sa mga manggagawang tumugon sa tawag ng paglilingkod, ang Mt. Tabor ngayon ay patuloy na yumayabong at isinasaayos upang maging mas malaki pa ang paggamit nito para sa mga gawaing inaasahang magaganap sa mga darating na buwan. Ang mga manggagawang hinipo ng Diyos ay patuloy na nagsusumikap na gumawa at magbigay ng kanilang panahon upang maging kaisa sa Kaniyang plano para sa ministeryo.

Apektado man dahil sa walang tigil na pag-ulan dala ng bagyo noong mga nakaraang araw, ang Kaniyang mga anak ay hindi nagpatinag. Sila ay tulong-tulong na naglinis at nagsaayos sa ilang bahagi ng lugar kung saan nagkaroon ng mga pagguho. Sa buong linggo ay patuloy ang pangangalaga ng mga manggagawa upang maging maayos muli ang kapaligiran na naapektuhan dahil sa panahon.

Sa pagtutulungan ng bawat isa na mayroong kaligayahan sa kanilang mga puso, ang gawain ng Diyos ay matagumpay na naisasakatuparan. Tunay na ang kaluwalhatian ay sa Panginoon lamang nararapat.



*Nasubok ang pisikal na kakayanan at kalakasan ng bawat isa sa nasabing gawain. Papuri sa Diyos dahil Siya ang tunay na kalakasan ng bawat manggagawa na siyang dahilan sa kanilang pagpapatuloy anomang bagyo ang dumaan.*

## Paglinis ng mga gumuhong lupa

Gamit ang buong lakas, maingat na naglinis at nagbungkal ng mga gumuhong lupa ang mga *in-house trainee worker* kasama ang kalalakihan. Katapat man ang pisikal na kapaguran ngunit sa kanilang pagmamahal sa ministeryong kaloob ng Panginoon, ang bawat manggagawa ay nagpapagal at buong tibay na nagpapatuloy na pangalagaan ang ministeryo ng Diyos.









*Mabigat man ang gawain ay tuloy ang bawat isa sa pagpapala at pagtanggal ng mga lupang gumuho at naging sanhi ng pagharang sa daan. Ang ilang mga daan ay natapos ng linisin.*

## Pagsaayos ng greenhouse at gazebo

Isinaayos muli ang greenhouse upang ihanda para sa mga halaman at gulay na itatanim. Ito ay higit na makatutulong sa mga pananim bilang pananggalang sa mga insekto at matinding kondisyon ng panahon, ulan man o araw. Samantala, tuloy-tuloy din ang pagtapos ng *gazebo*. Nailagay na ang *metal plating* at maging mga bakal nito kung saan ikakabit ang bubong at pader ng gazebo.







*Tiyak na ang mga halaman sa Mt. Tabor Farm ay mas yayabong at tutubo ng maayos.*





**PSALM 111:4-5 (NKJV)**

**4He has made His wonderful works to be remembered; The Lord is gracious and full of compassion. 5He has given food to those who fear Him; He will ever be mindful of His covenant.**

HBC UPDATE

# Pagkilala sa Diyos na makapangyarihan

Ang isang tupang tumanggap kay Hesus at muling nakabalik sa Kaniyang kawan ay tunay na kagalakan sa Ama na nagbibigay din ng tuwa sa milyong anghel na nasa langit. Kasiyahan at pasasalamat din ang ganitong tagpo sa panambahan ng UCF bilang tinawag ng Diyos upang maisakatuparan ang pagdadala ng mga kaluluwa sa Kaniyang paanan.

Nagpapatuloy ang *Home Bible Church* (HBC) sa layunin nitong maanyayahan ang bawat pamilya at matulungan sila sa paglapit sa Panginoon. Sa kasalukuyan, iba't ibang pamamaraan ang isinasagawa upang mas maging malawak ang kayang abutin ng nasabing gawain. Ang mga *online application* tulad ng *Google Meet* at *Facebook Messenger Room* ay paraan upang abutin ang ating mga kapatid mula Luzon, Visayas at Mindanao at maging sa iba't ibang dako ng mundo. Hindi ito limitado sa lokasyon o oras dahil ang mga manggagawa ay tunay na may pusong umabot sa mga nawawalang tupa ng Panginoon at may pusong nagnanais na makapagbigay ng paglilingkod sa dakila at tapat na Diyos na kanila ring naranasan.

Makibahagi tayo sa gawain ng Diyos at makiisa bilang patotoo sa kabutihan, pagpapala, kapangyarihan at mapaghimalang kamay ng Diyos. Tunay na walang imposible sa Diyos lalo't higit ay kalooban Niyang masumpungan ang mga tupang naghahanap sa Kaniya.



**MANDALUYONG CITY** — LEADERS: Sis. Gerlyn Pacris & Sis. Angelica Oafallas; HOST: Sis. Gerlyn Pacris



**TAGUIG CITY** — LEADER: Bro. Noe Amancio; HOST: Sis. Lizette Escartin



**SUNRISE DRIVE** — LEADER: Sis. Ma. Jonabelle Jurilla; HOSTS: Bro. Jess Mark Marcelino & Sis. Imelda Yadao



**AREA 4** — LEADER: Sis. Sushmita Murillo; HOST: Sis. Ivy Cabus



**AREA 6** — LEADERS: Sis. Aira & Sis. Noriel Victoria Tolentino; HOST: Sis. Nelia Tolentino



**AREA 7** — LEADERS: Sis. Liezla Ala & Sis. Glynis Hermosa; HOSTS: Bro. Andres & Sis. Lisa Chavit



**AREA 7** — LEADER: Sis. Sushmita Murillo; HOST: Sis. Beatrice Vargas



**AREA 2** — LEADER & HOST: Bro. Adrian Klein Laurel



**AREA 1** — LEADER: Bro. Sonny Dwayne Emerald Costales; HOST: Sis. Mayet Costales



**VALLEY 5** — LEADERS: Sis. Karen Mohammad & Sis. Raiza Maligang; HOST: Sis. Gladale Agluba

## PAANYAYA

**Para sa mga nagnanais na magbukas ng Home Bible Church** sa kanilang tahanan, makipag-ugnayan lamang kay **Rev. Morrell Estrellado**.

**Inaanyayahan ang mga wala pang HBC na dumalo at makiisa sa HBC na malapit sa inyong lugar** upang ang Salita ng Panginoon ay patuloy na mabigyang halaga sa buhay ng bawat isa. Pagkakataon mo rin ito na maibahagi ang iyong karanasan at patotoo sa Diyos!

**Maging online ay maaari na ring dumalo ang inyong mga kaanak na nasa malalayong lugar.** Sa tulong ng *Google Meet* at ng iba pang *application* ay mas naaabot natin ang mga kaluluwang naghahanap din sa Diyos. Makipag-ugnayan sa inyong HBC *leader* para sa detalye.

**ISAIAH 55:3 (NKJV)**

**Incline your ear, and come to Me. Hear, and your soul shall live; And I will make an everlasting covenant with you—The sure mercies of David.**

# Hesus, kaybuti Mo sa'kin

Sa loob ng mahabang panahon, pinatunayan ng Panginoon na kapag tayo ay naging tapat sa Kaniya bilang Kaniyang mga anak ay mas higit pa Siyang tapat sa bawat aspeto ng ating buhay.

Isa sa mga pangako ng Panginoon ay Siya ang ating magiging dakilang Tagapagbigay ng pagpapala, kagalingan, probisyon at lahat ng mabubuting biyaya. Sa bawat pagkakataon, tinuturuan Niya tayo na sa Kaniya magtiwala at manampalataya at hindi umasa sa ating sariling mga kakayahan dahil Siya ang nakakaalam sa pangangailangan ng bawat isa. Siya ay Diyos na makapangyarihan na nakakaalam ng lahat, maging ang laman ng ating mga puso.

Taos-pusong pasasalamat ang alay ng bawat isa sa Panginoon dahil sa Kaniyang kabutihan at katapatan na patuloy Niyang ipinapamalas. Kaya naman, narito ang mga personal na patotoo ng mga mananampalatayang nakatanggap ng Kaniyang probisyon at pagpapala. Salamat sa Panginoon dahil sa mga ipinagkakaloob Niyang biyaya!

*Napakaraming bagay ang dapat kong ipagpasalamat sa Panginoon. Ang paggising na lamang every morning ay isang malaking blessing na sa akin. Ang mga biyayang natatanggap ko at ng aking pamilya araw-araw ay lubos kong ipinagpapasalamat sa Panginoon. Maraming salamat din sa Panginoon for saving me from the wrong person sapagkat sa panahon ngayon ay marami nang naglipanang masasamang tao sa mundo.* ***Thank You for Your protection, O Lord. You strengthen my faith when I feel so lost and broken. Thank You for leading me to the right direction.*** *Sa pagbabasa ng Bible, natuto akong makasunod sa Inyong kalooban. Thank You for molding me into a better person. All glory and honor belong to You, Lord God. In Jesus' Name. Amen!*



**Sis. Marisol Villavray**

*Gusto kong magpasalamat sa Lord, una dahil hindi Niya ako pinapabayaan. Marami man ang naging pagsubok ngunit nanatili pa rin Siyang tapat sa Kaniyang pangako na hindi Niya ako iiwan ni pababayaan. Pangalawa, gusto kong magpasalamat sa Lord dahil alam kong kahit na marami man akong naging pagkakamali at pagkukulang ay hindi Niya hinayaang mapalayo ako sa Kaniya Sa lahat ng bagay, ramdam ko ang pag-iingat at pagmamahal ng Panginoon sa akin. Tunay nga na sa mundong ito, ang Diyos lang ang mananatili.* ***At isa iyon sa ipinagpapasalamat ko—na natagpuan ako ng Panginoon at kailanman ay hindi na ako mag-iisa.***



**Sis. Alexandra Liban**

*Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa buhay ko at sa nakaraang birthday ko last October 24. Na-celebrate ko ito kasama ang aking family, co-workers ko sa job ko at ang UCF Ladies family ko. Isang pambihirang pagkakataon na kami ay magkasama-sama.* ***Nagpapasalamat ako para sa good health na patuloy na ipinagkakaloob ng Lord. Nagpapasalamat din ako sa mga binago Niya at babaguhin pa Niya sa aking buhay.*** *Purihin ang Panginoon sa buhay ko at ng family ko. To God be all the glory!*



**Sis. Marilou Dela Cruz**

*Dakilang pagpapasalamat sa Panginoon dahil po noong mga nakaraang araw ay natupad po ang isang kahilingan ng bunso ko na magkaroon siya ng sasakyan. Si Bro. Butch naman ay natanggap po sa kaniyang new job. Praise God and thank You, Lord!* ***Papuri at pasasalamat din dahil sa proteksiyon and guidance Niya sa buong pamilya ko na wala pong nagkakasakit sa amin.*** *Kaya walang hanggang pasasalamat at pagsamba ang ibabalik ko sa dakilang nagbibigay ng lahat para sa pamilya ko. All the glory in Your Holy Name, Jesus. Thank You for everything!*



**Sis. Grace Bungalso**

**JEREMIAH 50:5 (NKJV)**

**They shall ask the way to Zion, With their faces toward it, saying, 'Come and let us join ourselves to the Lord in a perpetual covenant That will not be forgotten.'**

# UCF ONLINE (SOCIAL MEDIA STATISTICS UPDATE) As of November 5, 2022

## facebook

**United Christian Fellowship**
Non-profit organisation

Last 28 days: October 7 - Nov 3

| Post Reach | Post Engagement | New Page Likes |
|---|---|---|
| 9.522 | 5,367 | 34 |
| ▼ 3% | ▼ 28% | ▼ 13% |

**2.62k** PEOPLE REACHED THIS WEEK

**8,485** PAGE LIKES

**9,301** PAGE FOLLOWERS

### SUNDAY WORSHIP SERVICE




**644** TOTAL VIEWS · **907** ENGAGEMENTS · **1.6k** PEOPLE REACHED

### BIBLE STUDY ON THE AIR




**199** TOTAL VIEWS · **178** ENGAGEMENTS · **611** PEOPLE REACHED

SCAN THIS QR CODE TO LIKE UCF FACEBOOK PAGE AND TO WATCH THE LIVE PREMIERES AND REPLAYS OF SUNDAY WORSHIP SERVICES.

SCAN THIS QR CODE TO WATCH THE RECENT BIBLE STUDY EPISODE. LIKE, TAG, AND SHARE THIS TO YOUR FAMILY FOR THEM TO HEAR GOD'S MESSAGE.

### TOP FANS

- **Maria Alexa Bilbao** — Top fan for 2 months
- **Annelyn Esturas** — Top fan for 2 months
- **Paning D. Manilingan** — Top fan for 2 months
- **Alma Buara Buella** — Top fan for 1 month
- **Phia Arco** — Top fan for 1 month
- **Gen Silverio** — Top fan for 1 month
- **Genove Annette Win Malika**

If you're a top fan or a star sender who attended the Sunday Worship Service, get your FREE VOV copy from Sis. Aira Tolentino.

### STAR SENDERS (Last 7 days)

#1 **Roland Jasareno** sent 100 stars

### TOP COUNTRIES REACHED




### TOP TOWNS/CITIES REACHED




## YouTube

**UCF Official**
1,262 subscribers
SUBSCRIBED

Total views in the last 28 days

| | |
|---|---|
| Views | 5.1k ↑ |
| Watch Time | 741.5 ↑ |

**1,262** CHANNEL SUBSCRIBERS

**Click SUBSCRIBE and hit the bell button to get updated with the latest videos and replays of UCF Official.**

**Do not** click **'Skip Ads'** when watching.

Subscribe

## twitter

**United Christian Fellowship**
@UCFOfficial1

**528** FOLLOWERS

| | |
|---|---|
| Tweet Impressions | 756 |
| Profile Visits | 169 |

## Instagram

ucf_official
United Christian Fellowship
Following

**528** FOLLOWERS

| | |
|---|---|
| Accounts Reached | 0 |
| Accounts Engaged | 0 |

***Like, share, comment, and tag people. Let us proclaim the Good News of Jesus Christ through our UCF online programs.***

## MY PASTOR ONCE SAID...

"Nakapagtagumpay na ako." Dapat in our hearts we believe that. Kung may sakit ka noong mga nakaraang araw at nandito ka ngayon, dahil iyan sa pinagaling ka ng Diyos. Kung ikaw ay may pangangailangan, ang Diyos ay nariyan para i-provide ang pangangailangan mo. Anoman ang pangangailangan mo sa iyong buhay, kung ikaw ay nananatili na sumusunod sa Diyos, lumalakad sa Diyos at ginagawa ang kalooban ng Diyos, nariyan Siya upang ikaw ay gabayan at tulungan sa iyong hinaharap. Ganito ang Diyos natin—buhay at totoo sa Kaniyang Salita sa buhay natin hanggang sa mga oras na ito. Each of us has that experience that we have overcome.

> **"KUNG IKAW AY MAY PANGANGAILANGAN, ANG DIYOS AY NARIYAN PARA I-PROVIDE ANG PANGANGAILANGAN MO."**

*Revelation 2:7 says, "He who has an ear, let him hear what the Spirit says to the churches. To him who overcomes I will give to eat from the tree of life, which is in the midst of the Paradise of God." Ito ay mensahe na binigay ng Panginoong Hesus sa specific seven churches doon sa mga first century na mga Christian. Sila ang mga nakapagpakinig ng Salita ng Panginoon at ang mga tumanggap sa ating Diyos. These seven churches remained and as they did, they went through different circumstances. Ang iba roon ay nanlamig. Ang panlalamig natin sa relasyon natin sa Diyos ay hindi ninanais ng Panginoon para sa bawat isa. Nais ng Panginoon na ang bawat isa ay magkaroon ng mainit na relasyon sa Kaniya. Ngunit ang iba sa kanila ay nanlamig pa rin at ang iba naman sa kanila ang pagmamahal daw nila ay parang first love.*

> **"ANG NAIS NG PANGINOON AY MAGKAROON ANG BAWAT ISA NG MAINIT NA RELASYON SA KANIYA."**

Natandaan ko tuloy ang sabi sa kanta dati, "First love never dies." Ang una raw na pagmamahal ay talagang may kilig pa iyan. Dati nagsusulat-sulat pa iyan. Pero dumating ang time na ang dami nang problema at marami nang mga pagsubok. Mayroong mga high at low kaya ngayon, sila ay nawawalan na ng gana. Ganito rin ang ibang mga church by that time. Ang ilan sa kanila ay mainit sa Panginoon pero dumating ang panahon na sila ay naging lukewarm. Sobrang init niyan pero dumating ang time na siya ay may mga naranasan na mga trial. Marahil ang iba ay na-persecute ng pamilya, ng kaibigan at ng katrabaho kaya sila nagkaroon ng lukewarm heart. Nagkakaroon na ng iba't ibang mga timpla.

Ito ang pinakita ng Panginoong Hesus kay John the Beloved. Now, this is also the same with all the churches right now even at this time. Halimbawa, ang iba noong una ay pumupunta sa church nong napakaaga pa. Pero kanina, mag-uumpisa na, wala pa masyadong tao, kasi hindi na excited. Paano kung darating ang Presidente rito? Baka wala pang alas-siyete ay nandito ka na. Mayroon kang paghahanda. Pero kapatid, kapag sasamba ka sa Panginoon, ano ang paghahanda mo? Maraming excited noong una dahil first love nila naranasan ang Diyos. Nakatanggap sila sa Panginoon. They believed in Jesus Christ at nakaranas sila ng anointing ng Holy Spirit. Noong dumating ang oras na naging busy na sila, maraming pinagkakaabalahan at maraming dinaranas na problema, sila ay nag-iba-iba na ng timpla.

Ito ang mensahe ng ating Panginoon sa atin ngayon. Ang overcomer ay the "one, who by God's grace, received through faith in Christ Jesus". Ibig sabihin ay naranasan nila ang habag ng ating Diyos. Hindi lang iyon. Pagkatapos nilang maranasan ang habag at ang pagmamahal ng Diyos sa kanila, sila ngayon ay nanampalataya at tumanggap sa Panginoong Hesus. Ang sunod, they have experienced the new birth. Matapos nilang makatanggap sa Panginoon, sila ngayon ay nagpa-water baptize. Kaya marami sa mga new believer noon, after they heard, after they experienced, and after they received God, sila ay nagpalublob at nagpa-water baptize kaagad sa Ilog Jordan. It is because of the conviction of God in their hearts, sila ay nagkaroon ng magandang umpisa para sa kanilang buhay. After that, doon na sila nagsimulang maglakad sa kanilang pananampalataya at pagsunod sa Diyos.

> **"ANG OVERCOMER AY THE 'ONE, WHO BY GOD'S GRACE, RECEIVED THROUGH FAITH IN CHRIST JESUS.' IBIG SABIHIN AY NARANASAN NILA ANG HABAG NG ATING DIYOS."**




**Panuorin ang buong sermon sa UCF Official Facebook Page.*

**EZEKIEL 37:26 (NKJV)**

**Moreover I will make a covenant of peace with them, and it shall be an everlasting covenant with them; I will establish them and multiply them, and I will set My sanctuary in their midst forevermore.**

## Sunday Worship Service Highlights

Stewardship is committed, consistent, and proportionate in giving back what God has entrusted to each one of us.

Churches exist because they were called by God with a vision.

May plano ka pero tandaan mo na mas maganda ang plano ng Diyos sa iyo.

The role of the church is to help and to assist. Hindi lang tayo nangangaral para maligtas ang tao. Nangangaral din tayo at gumagawa upang ang mga nabubuhay ay magkaroon ng mas magandang buhay.

It is impossible for a human to live without God.

In stewardship, we need to test our heart. Sometimes, the Lord will take our financial resources but at the end, He will bring it back like what happened to Job.



**Rev. Dr. William Sy**
**Head Pastor**
**Sunday Worship Service**
**October 30, 2022**

## LIFE THEN, LIFE NOW

# RECONCILIATION BETWEEN GOD AND MAN

In the Old Testament, mankind was separated from God because of sin which was the result of the disobedience of Adam and Eve to God in the Garden of Eden (Genesis 3). However, in the New Testament, God made a way to reconcile His relationship with His people. It is said in Romans 3:21-26, "[21]But now the righteousness of God has been manifested apart from the law, although the Law and the Prophets bear witness to it— [22]the righteousness of God through faith in Jesus Christ for all who believe. For there is no distinction: [23]for all have sinned and fall short of the glory of God, [24]and are justified by His grace as a gift, through the redemption that is in Christ Jesus, [25]whom God put forward as a propitiation by His blood, to be received by faith. This was to show God's righteousness, because in His divine forbearance He had passed over former sins. [26]It was to show His righteousness at the present time, so that He might be just and the justifier of the one who has faith in Jesus." Even though man has entered sin as a result of the disobedience of Adam and Eve in the Garden of Eden, God still chose to save us from punishment which is eternal death, and that is through Jesus Christ.

It is truly by the grace of God that we were kept from the eternal death that we must all face if we are apart from Jesus (Ephesians 2:8). And with humility, we should accept the gift of salvation that God has offered to those He calls, for it is only by faith in Jesus Christ that we can be saved. More importantly, we must continuously walk to the path of holiness that He commanded us to do (1 Peter 1:16).

## CHRISTMAS Celebration 2022

*At UCF Sanctuary, 12:00 NN*

**Coordinator:** Sis. Liezle Ala
**Early Bird Promo:**
*Inclusion: Food and Raffle Ticket*
- PHP 1,000 (Covenant Workers and Members)
- PHP 500 (HBC Members and Youth)
- Free (Children)

*Promo Date is until **November 27***

**DECEMBER 18**



**BE READY AND PREPARED TO JOIN THIS PROGRAM THAT WILL GLORIFY THE LORD!**

For more details, approach the program coordinator.

## ANNOUNCEMENT

SUNDAY WORSHIP SERVICE ON **DECEMBER 25, 2022** AND **JANUARY 1, 2023** WILL BE AT 3:00 P.M. TO 5:00 P.M. AT THE UCF SANCTUARY.

**HOSEA 2:19 (NKJV)**

**"I will betroth you to Me forever; Yes, I will betroth you to Me in righteousness and justice, in lovingkindness and mercy."**

# UNITED CHRISTIAN ACADEMY

The School that Cares for Your Future

DepED RECOGNIZED · TESDA ACCREDITED · FAPE CERTIFIED · Accredited CPD Provider · Government Permit (CHED)

**Complete K-12 Course**
- Pre-school
- Elementary
- Junior High School
- Senior High School

UCA ON-LINE Distance Learning Digital Platform

SCHOLARSHIPS AVAILABLE

ESC SCHOLARSHIP for incoming Grade 7 Students from Public School

TUITION FREE for incoming Grade 11 Students from Public School

#IAMREADY4F2F

SCAN ME for more info

**RESERVE YOUR SEATS** **ENROLL NOW!**

0917-100-7345 (Globe) 0918-985-1287 (Smart) www.ucaphil.online

UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP

## DANCE MUSIC CLINIC




**ENROLL NOW!**

Discount awaits students who will enroll in 2 to 3 classes

Registration fee: P3,999/class

For more details, please contact 0995-850-0227/0991-544-9080

Make your days more productive as you learn different musical instruments that will surely be helpful in singing praises and worship to our Lord. Enhance your God-given gifts in music. Enroll in the UCF Music Clinic and learn how to play the **piano, guitar,** and **drums!**



**For more details, contact Sonny Dwayne Emerald Costales (0967-442-0113).**

UCF Mt. Tabor CHURCH • RE-CREATION CENTER

Come and visit Mt. Tabor, where your spirit finds rest! Feel the cool breeze, bask under the sun, and appreciate the wondrous creations of the Lord. You and your loved ones will surely enjoy your stay in this relaxing and peaceful place.

## DAILY RATES

***DAY TOUR ONLY**
P 299.00/head

**DAY TOUR (with lunch)**
P 599.00/head

**GROUP OVERNIGHT PACKAGE (with breakfast, lunch, and dinner)**
P 999.00/head (minimum of 25 pax)

### AMENITIES AVAILABLE:

- Prayer Mountain (soon)
- Trail Tour
- Farm
- Picnic Areas (Riverside/City Overlooking)
- Chicken Coop
- Pigeon Coop
- Rabbitry
- Bonfire Area
- Baptismal Pool
- Swimming Pool
- Gazebos and Cabins
- Function Halls
- Coffee Shop
- Souvenir Shop
- Natural Spring
- Large Parking Area

* For day tour guests planning to book a room, additional cabin fee will be applied.

For inquiries and reservations, contact 0917-504-9213 or 0917-305-4929.

Mt. Tabor Farm

Looking for natural and organic products? Look no further! Mt. Tabor Farm is here!



**P150 (250g)** — **Azolla** is a nutritious alternative feed for chickens, pigs, rabbits, fish, goats, ducks, and sheep.



**Blackstrap Molasses** is used commonly as animal feeds, fertilizer, compost, and rabbit probiotics. **P80/kg**



**Rice Hull (Ipa)** is a good organic material for soil mixture, beddings for farm animals, mulch for plants, etc.
**P20/kg** rice hull · **P30/kg** rice hull w/ chicken manure



**Organic eggs** are a healthier choice because they are laid by hens and ducks that are raised on organic feed.
**P10 each** chicken egg · **P15 each** duck egg



**Romaine and Eton Lettuce** have Vitamin C which helps support the immune system. They are also high in antioxidants. **P400/kg**



**Probiotics** is a good detoxifier, and appetite booster for your pets or any kind of farm animals. It also helps in preventing stress and heat stroke. **P200/L**



**Baby rabbits or kits** are already available for home adoption. Pet rabbits and meat kits are for sale. **P300 each**



**Rabbit manure** is rich in nitrogen, phosphorus, and many minerals that improve soil structure. **P30/kg**



**Organic soaps** are made from natural ingredients and are free from any harmful chemicals. **P85 each**



**Essential oil roller blends and pain relief rub** will help soothe you whenever you feel stressed or pain.
**P120 each** pain relief rub · **P100 each** essential oil roller

## UCF Song Book



Sing and make music for the Lord with this collection of timeless worship songs.

**Available for only Php 100.00**

**For more details, contact John Cyr Castro (0956-168-4298).**




**For soaps, essential oil, and relief rub orders, contact Raena Christine Tabay (0956-903-5731).**
**For vegetable, plant, and poultry orders, contact Angel Tolentino (0965-551-4575).**

**EXODUS 40:15 (NKJV)**

**"You shall anoint them, as you anointed their father, that they may minister to Me as priests; for their anointing shall surely be an everlasting priesthood throughout their generations."**




## WHY READ THE BOOK OF NAHUM?

The Book of Nahum illustrates the victory over Israel's worst rulers. It was introduced as "an oracle concerning Nineveh" (Nahum 1:1). Nineveh was the capital of Assyria.

In its previous years, Nineveh had received God's forgiveness through Jonah's sermons. However, since then, they had relapsed into terrible sin, brutal cruelty, and bloodshed. Records of other kings make it apparent that they had little concern for people. God decided to take a course of action entailing complete judgment because He had enough of their sin.

God delights in salvation more than judgment. However, there are individuals and nations that do not choose to associate with Him and must endure just punishment.

The fall of the Assyrian empire serves as an illustration of how God will battle and destroy all oppressive human empires. This is about God's faithfulness to justice, which is still relevant today as it was in Nahum's day. God will overcome human evil, but He does not disregard the helpless. Anyone who submits to God in humility will have a place of refuge from the day of judgment, according to His promise.

God will not tolerate injustice. As said in the Scripture, "The Lord is good, a stronghold in the day of trouble; He knows those who take refuge in Him" (Nahum 1:7).

Scan these QR codes to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services

Facebook

Youtube

## SERMON NOTES

Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.

What is God's message for you through the sermon?

## SHARE HIS WORD



For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replay of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.

Facebook @UCFOfficial
Instagram @UCF_Official
Twitter @UCFOfficial1
YouTube @UCFOfficial

Please follow health and safety protocols during on-site services.

use hand sanitizer

SOCIAL DISTANCING

## WEEKLY SCHEDULE

**BIBLE STUDY ON THE AIR**
with Rev. Dr. William Sy
Wednesdays at 7:00 PM

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
Sundays at 9:00 AM

**DAILY PRAYER**
6:00 PM to 7:00 PM

UCF GROUP OF MINISTRIES

## CONTACT US

**UCF WORSHIP CENTER**
#17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

**TELEPHONE**
8820-7764 or 8478-1113